Mga Opsiyon para sa Kursong Matematika sa High School

Dinisenyo ang Batayang Kurikulum sa Matematika (Math Core Curriculum) ng SFUSD para matugunan ng lahat ng estudyante ang Mga Batayang Pamantayan ng Estado (Common Core State Standards, CCSS) para sa Matematika. Nagkakaloob ang iba't ibang pathway (landas sa pag-aaral) sa mga estudyante ng oportunidad upang maintindihan ang mahirap na matematika sa paraang malikhain, may interaksiyon, at makabuluhan.

Para maka-graduate sa SFUSD, kailangang makumpleto ng mga estudyante ang CCSS Algebra 1, CCSS Geometry at CCSS Algebra 2 (o kombinasyong klase na nagsasama sa Algebra 2 at Precalculus).

Inirerekomenda namin sa mga estudyante na kumpletuhin ang mga takdang kursong ito bago pumasok sa ika-12 na grado, para magkaroon sila ng opsiyon na mag-enroll sa iba pang kurso sa matematika sa ika-12 na grado. Nagbibigay ang ganitong rekomendadong pagkakasunod-sunod ng mga kurso (course sequence) sa mga estudyante ng pinakamagandang posibleng oportunidad para malalim na matutunan ang matematika sa antas ng grado; bukod rito, naaangkop sa pag-unlad at nangangailangan ng higit na pagpupunyagi ang pagkakasunod-sunod ng mga kurso na ito.

Inirerekomendang Pagkakasunod-sunod ng mga Kurso



May mga opsiyon para sa mabilis na pag-angat (acceleration) ang mga estudyanteng nasa ika-9 at ika-10 na grado. Sa dalawang opsiyon na ito, "magdo-double-up" o kukuha ang mga estudyante ng dalawang kurso sa matematika nang magkasabay.

Pagkuha ng dalawang kurso sa ika-10 na grado



Pagkuha ng dalawang kurso sa Ika-9 na grado



Kung gusto ninyong gawin ang isa sa mga opsiyon para sa mabilis na pag-angat, hinihikayat namin kayong talakayin ang inyong iskedyul ng mga kurso sa tagapayo ng paaralan (school site counselor) o sa administrador.

Para sa mga estudyanteng papasok ng ika-9 na grado at nakatapos na ng kursong CCSS Algebra I at naipasa ito nang may markang C o mas mataas pa, nagbibigay ang SFUSD ng Eksamen para sa Pagpapatunay ng Kaalaman sa Matematika (Math Validation Test, MVT). Kapag naipasa ng estudyante ang eksameng ito, puwede silang mag-enroll sa CCSS Geometry sa ika-9 na grado.

Tingnan ang mga website na nasa ibaba para sa karagdagang impormasyon.
Mga Batayang Pamantayan ng Estado na Para sa (Common Core State Standards, CCSS) para sa matematika: www.corestandards.org/Math
Mga pagkakasunod-sunod ng mga kurso (course sequence) sa high school sa SFUSD at mga opsiyon para sa mabilis na pag-angat: www.sfusdmath.org/high-school-pathways
Eksamen para sa Pagpapatunay ng Kaalaman sa Matematika (Math Validation Test): www.sfusdmath.org/MVT
Mga mapagkukunan ng tulong at impormasyon ng mga estudyante at magulang ukol sa matematika: www.sfusdmath.org